COUN. LEO G. DE VILLA – Madam Presiding Officer, nandoon ang pangangailangan ng ating mga kababayan, pero bakit ipinagkakait ang tulong mula sa ating kaban ng bayan. Bakit tayo aasa, nganganga sa isang Konsehala at Punumbayan na hindi man lang natin nakakapanayam. Bakit tayo nganganga, ni hindi natin alam kung magkano ang ibibigay sa atin, hindi naman sa hinahamak natin sila.

COUN. EDGAR IBRAHIM C. LLAMAR, MD – Gumagawa tayo ng kaparaanan.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – The Distinguished Councilor from Barcenaga, is recognized.

COUN. GREAT M. DELOS REYES – Alam ba ng Sponsor ang kanyang inirereport? Sapagkat mayroon naman tayong sariling kaparaanan mula sa ating kaban ng bayan, gayong tayo ay lalayo pa para humingi ng tulong sa ibang bayan. Bakit natin ipagdamot ang kaban ng bayan gayong pwede naman nating gastusin ang sarili nating pondo?

COUN. EDGAR IBRAHIM C. LLAMAR, MD. – Madam Presiding Officer, ito naman ay paghingi ng medical assistance.

(Coun. Great M. Delos Reyes walked out of the session hall.)

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – I declare a recess.

**RECESS:**

*(Recess is declared at 4:40 p.m.)*

**RESUMPTION:**

*(Session is resumed at 4:50 p.m.)*

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Session is now resumed.

COUN. CANDIDO J. MELGAR, JR. – Madam Presiding Officer, I move to suspend the proceedings.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Any objection? *(Silence)* Hearing none, this session is suspended until further notice.

*(Session is suspended at 4:45 p.m.)*

**CONTINUATION OF THE REGULAR SESSION ON DECEMBER 21, 2015 UNDER CALENDAR OF BUSINESS**

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – In the absence of our Secretary to the Sanggunian, let us Appoint Marilyn O. Mortel, LLSO I to act as Secretary. The Distinguished Councilor from Sampaguita is recognized.

COUN. WILSON A. VIRAY – With due respect to my compadre, if you came during the Calendar of Business, you are considered absent.

COUN. CANDIDO J. MELGAR, JR. – Let us hear from Liga ng mga Barangay President for his reason.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – You may now have the floor, the Liga President Deogracias U. Dela Paz, IV is recognized.

LIGA PRESIDENT DEOGRACIAS U. DELA PAZ, IV – Noong araw ng ating sesyon ako po ay nasa emergency meeting para makapag- reproduce ng bigas para sa relief operation ng Barangay Apitong, so part din po ng pagkakaroon emergency meeting ang aming Sanggunian para pag-usapan iyong hindi nabigyan ng relief goods noong Thursday, mayroon kaming nakuhang relief goods sa OPCEN na 140 plus which is affected families sa amin ay nasa 400 plus kaya po that time noong umaga nandito ako sa Naujan, kung hindi ako nagkakamali Madam Presiding Officer, nagkausap pa tayo sa labas together with Konsehal Dan. Nagpatawag ako ng emergency meeting para makapagpa repack ng relief goods para makapagbigay sa more or less 200 plus affected families sa aming barangay, kaya hindi ako nakarating ng ganun kaaga sa session ng Monday for 1:00 pm., pumunta po ako dito, hapon na nga lang at tapos na po ang session kaya umuwi na ako at dumiretso na ako pa-Calapan that time. Hindi ko po talaga intensyon na hindi humabol, na hindi umattend sa sesyon, kinailangan lang po talaga ako sa

aking barangay. If that is the query of our Floor Leader, iyon po ang aking kadahilanan. Nais ko po sanang humiling sa ating mga kasama sa Sanggunian na ako ay hindi naman totally official business dahil wala akong communication sa pagpapatawag ng emergency meeting, pero hinihiling ko na ako ay pahintulutan pa rin na makadalo sa sesyon na ito.

FLOOR LEADER – Madam Presing Officer, may we abide with the provisions under our IRP.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Mr. Chair, its under the Calendar of Business of our Internal Rules of Procedures, may I request our Floor Leader to read Section 21, of our Internal Rules of Procedures.

FLOOR LEADER – *(Reads Section 21 in the Internal Rules of Procedures in paragraph No. 4.)" If a member arrives at the start of the Calendar of Business, he shall be considered absent. However, in the case of a member coming late from an official business, the Presiding Officer should acknowledge and recognize his presence and attendance to the session rather than being considered on official business".*

COUN. WILSON A. VIRAY – Madam Presiding Officer, there is a statement and I believe the statement from the Liga President is valid and considered as Official Business. I'm only questioning/asking the legality why he arrived only Calendar of Business. On my point of view, ako rin naman ay nagsabi dito noon, kaya lang nagiging precedent na ito, na it depends upon the Body, if somebody will accept at the session if he arrives at the Calendar of Business.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – The Distinguished Lady Councilor from Sampaguita is recognized.

COUN. MARA EDAMZEL L. DUDAS – In correlation to paragraph 4 of Section 21, let us also read paragraph letter a together with letter b of Section 21(a) *Every member of the Sangguniang Bayan shall be present in all sessions, unless expressly excluded by it or necessarily prevented from doing so, by sickness, by attendance to official travel/business, or other unavoidable circumstances duly reported in personal writing or by phone to the Sangguniang Bayan, through the Secretary to the Sangguniang Bayan; Provided that, every authorized absence from the session shall be charged to the leave credits corresponding to his absence; (b)Official Business (OB) refers to the period the official or employee spends outside the office/work station to attend to work or work related activities.* Regarding the statement of Coun. Wilson A. Viray, there is already a statement from Liga President Deogracias U. Dela Paz, IV, that he was not actually in official business because there was no communication coming from him to the Secretary informing that he is on OB. I believe that the act of the Liga President is not on official business because he already stated however, but it's okay or I have no contention that he will be allowed to attend the session.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Ang tingin ko sa paliwanang ni Liga President Deogracias U. Dela Paz, IV, kaya hindi official business ang sinasabi niya kasi thru letter siya ang nagpatawag at that time wala kasing signal kaya hindi sya naka-contact para makapag-inform sa ating Secretary para sa pagpapasabi na hindi sya makadadalo. Siya ang nagpatawag sa barangay officials kaya hindi pwedeng siya ay wala doon. Is there any objection sa attendance nya for today's session

COUN. LEO G. DE VILLA – Madam Presiding Officer, malinaw naman ang sabi ng Liga President na dalawang konsehal ang nakausap niya before the session at nagpaalam sya, hindi ba pwedeng ikonsidera iyon? Di ba mas magaling na iyon kaysa dun sa tumawag ka na pero wala naman samantalang personal naman kayong nag-usap.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Hearing no objection, the Liga President Deogracias U. Dela Paz, IV is recognized for today's session.

COUN. EDGAR IBRAHIM C. LLAMAR, MD. – Madam Presiding Officer, may I know if the previous Secretary stated that the Liga ng mga Barangay President is on official business or absent?

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Madam Secretary, ano ang nakalagay sa roll call ng nakaraang sesyon?

ACTING SECRETARY – It was stated on our journal that the Liga President was absent.

FLOOR LEADER – In paragraph 3, of Section 21. "*Any member shall be considered on official business during the session, if there is a general invitation to the Sangguniang Bayan, previously read in the session as one of the items in the Order of Business. If the invitation is individual to the members, the concerned member should present the same directly to the Secretary to the Sangguniang Bayan or his designate, before or after the session is held*". Considering that the ABC President himself called the meeting, being the Punong Barangay and the communication was down during that time, I believe that it is also a form of invitation because he himself called the meeting of the barangay and stated that "*the concerned member should present the same directly to the Secretary to the Sangguniang Bayan or his designate, before or after the session is held*". So, meaning, he can produce the said invitation/communication of the said meeting after the session and the session was not yet finished as of this time.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – I believe na makakapag-provide ang ating Liga President ng kanyang communication. The Distinguished Councilor from Evangelista is recognized.

COUN. EDGAR IBRAHIM C. LLAMAR, MD – How can we relate ourselves with that statement during roll call because attendance is very much important. The record on our journal expresses that Liga President was considered as absent.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Ganun ang record ng ating SB Secretary because he did not appear at that time.

FLOOR LEADER – Therefore, the record will be adjusted once the Liga President will appear during the Calendar of Business and once he submitted the invitation of the meeting, the record will be corrected. And even all resolutions since we allowed him, otherwise we did not allow his presence for today's session.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – So, makakapag-provide naman siya ng copy ng invitation at nag-appear naman siya during Calendar of Business. The Liga ng mga Barangay President is allowed to attend the session. Let's proceed.

FLOOR LEADER – Before we continue, item No. 1 of Calendar of Business, it is a resolution from Coun. Edgar Ibrahim C. Llamar, MD, I would like to call the attention of the SB Members because we have received a letter from Local Chief Executive dated December 21, 2015. Madam Presiding Officer, may I be allowed to read the content of the said letter.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – You may proceed.

FLOOR LEADER – *(Reads the communication dated December 21, 2015 regarding the resubmitted Supplemental Investment Plan No. 3.)*

COUN. WILSON A. VIRAY – Madam Presiding Officer, for the record purposes, may I know what time and date it was received?

FLOOR LEADER – The communication was received on December 21, 2015, at 1:10 p.m. by one of our staff.

COUN. WILSON A. VIRAY – Madam Presiding Officer, during our last session, we have approve our Order of Business, the letter coming from our LCE is not included in the Order of Business, it was moved and approved by SB during the last session.

FLOOR LEADER – Madam Presiding Officer, in Section 43. Calendar of Business (d) Urgent Matters – *those that may be brought before the sanggunian for immediate consideration even if not*

*listed in the calendar of business, to wit:*

*1. Matters certified to as urgent by the Municipal Mayor as evidenced by an attached official certification;*

*2. Matters considered as urgent by the majority of the Sanggunian members;*

*The Calendar of Business should not bind the Sanggunian to a fixed routine. On a motion to suspend the rules, items of business may be taken away from their fixed order to permit the consideration of urgent matters ahead of others.*

COUN. WILSON A. VIRAY – Madam Presiding Officer, Yes. I agree with that but the interpretation is different from the Internal Rules of Procedures which states, that during the approval of the Order of Buiness the subject matter is not included in our agenda and today is only a continuation of our previous session held last Friday. Ang tinutukoy diyan sa Calendar of Business na urgent matters pwedeng hindi na padaanin provided it was included during the Order of Business.

FLOOR LEADER – Madam Presiding Officer, can the Gentlemen from Sampaguita specify what provision state that the subject matter was to be first included in the Order of Business.

COUN. WILSON A. VIRAY – Yes, but the interpretation is not like that. Hindi ganun ang interpretation. Pahabol lang yan.

FLOOR LEADER – And whose interpretation is accurate?

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – The Distinguished Lady Councilor from Sampaguita is recognized.

COUN. MARA EDAMZEL L. DUDAS – Madam Presiding Officer, regarding the letter of the Municipal Mayor dated today, my interpretation is that being the Chairperson of Committee on Rules is that such urgent matter may not be included in the Order of Business or Calendar of Business on the next session, not the session that has being suspended and to be resumed but if it was received today, December 21, it is not possible. If we are going to agree we will set another session not on the same, resumption of the session or has been suspended.

FLOOR LEADER – Ito lang po iyong sinasabi natin, why the Local Chief Executive will request for urgent communication? Because it is our last session for this year. Why we did not decide to call for another session and very clear on the last paragraph that the routine depending on the approval of the Sangguniang Bayan Members.

COUN. WILSON A. VIRAY – If it is the intention of our Local Chief Executive to call back the letter at magpasa ng another letter, why is it hindi nagpasa noong nakaraang sesyon ay nakabagyo na nun?

FLOOR LEADER – Because the Local Chief Executive believes that Sangguniang Bayan can participate or be part of that reconsideration because we are on state of calamity. Nasa ating mga kamay na ito.

COUN. WILSON A. VIRAY – That is wrong interpretation.

FLOOR LEADER – Interpretation by whom?

COUN. WILSON A. VIRAY – That is wrong belief.

FLOOR LEADER – Wrong belief by whom?

COUN. WILSON A. VIRAY – The Local Chief Executive

FLOOR LEADER – Please take note, Madam Secretary the statement of Coun. Wilson A. Viray that there is a wrong belief mentioned.

COUN. WILSON A. VIRAY – Walang SB Members na gagawa ng plano, only the MDC or Execom ang gagawa ng plano hindi ang SB. Kung nakita ninyo na nangngailangan nito bakit hindi kaagad nag-convene ang Execom o ang MDC na kinakailangan i-retrieve natin ang sulat at

baguhin ang plano. Why is it kailangan mag-endorso ay ang SB? It is not our job. Our job is to approve.

FLOOR LEADER – Yes, it is our job because the matters was referred to the SB, it's our duty to report it to MDC thru LCE for reconsideration. We are not saying to change this into calamity related supplies. We are asking for reconsideration to make SIP No. 3 responsive when programs and activities will be allocated. We are just saying to return. Recommendation is to return the SIP No. 3. It is the job of the MDC to re-submit the Supplemental Investment Plan. In times of calamity, even the procurement law, some sections pwede silang without bidding. We can purchase directly even without bidding.

COUN. WILSON A. VIRAY – Madam Presiding Officer, based sa statement hindi na kinakailangang maghintay ng bidding?

COUN. MARA EDAMZEL L. DUDAS – Madam Presiding Officer, point of order lumalayo na po tayo sa topic.

FLOOR LEADER – Madam Presiding Officer, considering there are several views that can be presented today, I move that the question whether to accept the letter maybe decided by the Sanggunian

COUN. MARA EDAMZEL L. DUDAS – Madam Presiding Officer, magkaiba po ang Calendar of Business at Order of Business. Ang sinasabi ni Konsehal Dan ay Calendar of Business, ang sinasabi ko naman po ay pwede naman ito kung halimbawang bukas ay magpatawag tayo ng special session kung kailangan po talaga at trabaho naman natin. Pwede naman na mag-special session tayo para sa SIP na yan, para sa resolusyon ng MDC. Ang purpose ng Order of Business ay para may proseso hindi para rambulin. Ano ba talaga ang dapat nating gawin? kung basta papasok ang communication ia-accommodate na lang basta, pwede namang i-accommodate pero sa susunod na sesyon na ito.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – From the statement of the Councilor from Sampaguita, iyong basta na lang pumapasok, wala naman akong naaalala na nag-accommodate tayo ng late ng communication. Nakikita ko lang na itong communication na ito ay talagang urgent, because we are on state of calamity, that's why in-urgent ito ng ating Punumbayan. Kung sinubmit ng late hindi natin ito ina-accommodate. The Distinguished Councilor from Sta. Isabel is recognized.

COUN. LEO G. DE VILLA – Madam Presiding Officer, last Friday na nag-sesyon tayo, totoo naman iyon na hindi kara-karaka mapapalitan iyong SIP kasi nasa atin na, nai-submit na sa SB. Ngayon, ang hinahanap naman natin, nakikita naman natin an nagkaroon ng kalamidad nung Tuesday ay nai-submit na sa atin ang SIP, nasa ating mga kamay kung paano maiko-convert na maisama sa maitutulong sa ating mga mamamayan na nasiraan ng bahay. Bakit hindi natin pagkaisahan ang desisyong tayo ay tumulong wala namang magagawa, dumating na ang trahedya at wala namang nagsabi na yan ay kung kailan dadating. Ako naman ay nakikiusap na sa inyo sa ganyang sitwasyon dapat naman ay nung Friday pa natin napagkasunduan. Tayo naman ay magpakiusapan na lamang at huwag na nating isipin ang mga dadaanan pa. Ang isipin natin ay itong nakaraan, sagutin natin ang kung ano ang kaya nating itulong para sa ating mga kababayan. Hindi ito para sa pansarili kundi para sa ating mamamayan.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Let us settle the issue. May dumating na communication galing sa ating LCE.

COUN. MARA EDAMZEL L. DUDAS – Hindi ko kayang tanggapin nang ganun na lang dahil kaya nga tayo may Order of Business iyon ang dapat nating sundin, kaya may Order of Buisness para hindi tayo maging magulo. Oo, naintindihan ko yung sinasabi ni Konsehal Leo na

magpakiusapan, walang problema dun. Kaya ko pong sumunod basta nasa legal na proseso lamang. Katulad ng sinabi niya, pumasok noong December 14, nagkaroon ng sesyon ng December 18, ngayon pumasok ang bagong communication. Bakit sila nakagawa ng resolusyon na ang ruling natin noong nakaraan ay hindi natin na-adopt? Oh! Di gumawa sila ng panibagong resolusyon para baguhin nila iyong luma. Bakit hindi nila ginawa iyan noong December 14 o 15 o 16, bago nag-sesyon noong December 18?

FLOOR LEADER – Because the Local Chief Executive believes that Sangguniang Bayan are reasonable men.

COUN. MARA EDAMZEL L. DUDAS – Reasonable nga po kaya nga po sumusunod sa proseso, kasi nga po kung hindi na kailangang sundin o sumunod sa legalidad o proseso, basta kung ano na lang mapag-usapan, basta kung ano na lang ipapakiusap

FLOOR LEADER – Pwede ko bang itanong sa Lady Councilor.

COUN. MARA EDAMZEL L. DUDAS – Pero pasensya na po kung ipagpipilitan ninyo, sabihin ninyo nang barbaric ang attitude ko, pero hindi ko kayo masasamahan, kasi nakakaawa, hindi ninyo alam ang ginagawa ninyo.

*(Coun. Mara Edamzel L. Dudas, Coun. Wilson A. Viray and Coun. Edgar Ibrahim C. Llamar, MD., walked out of the session hall)*

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – I declare a recess.

**RECESS:**

*(Recess is declared at 2:40 p.m.)*

**RESUMPTION:**

*(Session is resumed at 2:45 p.m.)*

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Session is now resumed. Pwede po bang i-settle na lang natin ito?

FLOOR LEADER – Umpisa pa lang ayaw na dito ano pa ang gagawin? Kaya ituloy na lang natin para makita nila iyong other side kung bakit natin pinagpipilitan dahil kung magkaka-sesyon tayo ano ang sabi nila hindi na pwedeng gamitin iyan sapagkat may pondo pa naman, iyon ang babasahin natin sa reportings at iyong kanilang mga komento, hindi na wag na dahil may pondo pa naman tayo, pag ubos na tsaka natin gamitin at iyan ay gagamitin lamang sa pulitika. Pull-out na ang record. Bakit magse-session pa ganun din iyon kahit ito ay ikomite ganun din yun.

COUN. LEO G. DE VILLA – Reasonable naman iyong kay Konsehala Mara, iyong December 14 na communication ay iyon na lang ang ibalik.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Hindi naman na-adopt, ano ang ibabalik? Iyong unang pina-receive hindi ba ni-refer sa Committee on Finance, so nasa atin na iyan nakita natin, that situation, pwede namang ibalik na kagad natin sa LCE.

FLOOR LEADER – I-final na natin.

COUN. GREAT M. DELOS REYES – Magpatawag na lang ng special session.

FLOOR LEADER – Ano pa mangyayari diyan? Wala, ipapasa pa ito, nagawa na natin ang ating part, first time nating gustong gawin ito, ayaw pang i-consider. Lagyan ng proceedings noong Friday iyong botohan at the SIP will return to LCE.

COUN. GREAT M. DELOS REYES – Kung ano talaga ang naging imikan dito sa loob iyon dapat ang nakalagay sa journal, wala dapat puputulin.

FLOOR LEADER – Wag minutes iyong journal dapat.

COUN. GREAT M. DELOS REYES – Kung ano ang naging imikan, kung ano ang naging komento mula sa simula iyan ang dapat nakalagay sa journal.

LIGA PRES. DEOGRACIAS U. DELA PAZ, IV – Paano iyon, nai-record ba ng acting Secretary?

ACTING SECRETARY – Opo, nakapag-record po tayo.

FLOOR LEADER – Madam Presiding Officer, konsiderasyon lang naman ito. I would like to ask the journal of the deliberation last Friday. Let us furnish copy the members of Municipal Development Council, Local Chief Executive, the Municipal Administrator and SB Members.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Please take note of that Madam Secretary. Due to lack of quorum let us adjourn this session.

*(The session is adjourned at 2:46 p.m.)*

**GINA DC PATLING**
Secretary to the Sangguniang Bayan

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN**
Naujan 5204 Oriental Mindoro

JOURNAL OF THE SPECIAL SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF NAUJAN, PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO HELD ON DECEMBER 23, 2015, AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

Present:

| | |
|---|---|
| Hon. SHERYL B. MORALES, Councilor | Presiding Officer Pro Tempore |
| Hon. CANDIDO J. MELGAR, JR. Councilor | Floor Leader |
| Hon. LEO G. DE VILLA, Councilor | Member |
| Hon. GREAT M. DELOS REYES, Councilor** | Member |
| Hon. DEOGRACIAS U. DELA PAZ, IV, Liga ng mga Barangay President | Member |

Absent:

| | |
|---|---|
| Hon. HENRY JOEL C. TEVES, Vice Mayor | Regular Presiding Officer |
| Hon. MARA EDAMZEL L. DUDAS, Councilor | Member |
| Hon. WILSON A. VIRAY, Councilor | Member |
| Hon. JOJO B. DE VILLA, Councilor | Member |
| Hon. EDGAR IBRAHIM C. LLAMAR, MD, FPSO-HNS, Councilor | Member |

**CALL TO ORDER:**

*(The Presiding Officer Pro Tempore Coun. Sheryl B. Morales calls the session to order at 1:30 in the afternoon.)*

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – The session is now called to order. Let us dispense all formalities. This special session was called by the Municipal Mayor Honorable Mark N. Marcos for the Supplemental Investment Plan No. 3, Series of 2015, of the Municipality of Naujan. Madam Secretary please call the roll.

SECRETARY – For the record, four (4) members are present, Coun. Sheryl B. Morales, Coun. Candido J. Melgar, Jr., Coun. Leo G. De Villa and the Liga ng mga Barangay President Deogracias U. Dela Paz IV. Absent are the following: Vice Mayor and Presiding Officer Honorable Henry Joel C. Teves, Coun. Mara Edamzel L. Dudas, Coun. Wilson A. Viray, Coun. Jojo B. De Villa, Coun. Edgar Ibrahim C. Llamar, MD, FPSO-HNS and Coun. Great M. Delos Reyes.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Having only four (4) members present, we do not have a quorum.

COUN. CANDIDO J. MELGAR, JR., - Madam Presiding Officer, can we wait until 2:00 p.m. for our colleagues?

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Any objection? Hearing none, we will again call the session to order at 2:00 p.m.

*(The Presiding Officer Pro Tempore Coun. Sheryl B. Morales calls the session to order at 2:00 in the afternoon.)*

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE –Madam Secretary, for the record please call the roll.

SECRETARY – With the arrival of Coun. Great M. Delos Reyes, five (5) members are now present, Coun. Sheryl B. Morales, Coun. Candido J. Melgar, Jr., Coun. Leo G. De Villa, and the Liga ng mga Barangay President Deogracias U. Dela Paz IV, and Coun. Great M. Delos Reyes, while the rest are absent.

PRESIDING OFFICER PRO TEMPORE – Having only five (5) members present, we still do not have a quorum, I declare that this session be adjourned due to lack of quorum.

**ADJOURNMENT:**

*(Session is adjourned at 2:05 p.m.)*

CERTIFIED TRUE AND CORRECT:

GINA DC PATLING
Secretary to the Sangguniang Bayan

***appeared after the first roll call*